TOMO 11 BILANG 6 | ISSN NO. 2599-5405 | HUNYO 2024

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

Kwentong Tagumpay — Page 2
BUKAS para sa LAHAT — Page 3
FROM THE MARGINS — Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD MRI Founder and Chairman Emeritus — Page 4

## PAGTATAGUYOD NG PAGBABASA AT PAG-IIMPOK: KOA KAFE, NAGTUNGO SA CLAVERIA, CAGAYAN

*ni Harlene Joy Reyes*



*Masiglang tinanggap ng mga bata ang Koa Kit na naglalaman ng notebook, krayola, lapis, pambura, "Ang Lapis ni Anya" storybook, at Koa Coin Bank—isang alkansya na gawa mula sa mga lumang dyaryo na nilikha ng mga kawani ng CARD MRI. Sa larawan, makikita ang mga batang dumalo sa Koa storytelling activity sa Sanchez Mira Unit at sa Claveria 2 Unit.*

Muling nagsagawa ang CARD MRI Publishing House ng Koa Kafe *pop-up event* at *storytelling activity* para sa mga kliyente ng CARD MRI at kanilang mga anak sa bayan ng Claveria at Sanchez Mira sa Cagayan Valley noong Mayo 22-23, 2024.

Ang Koa Kafe, na nagmula sa mascot ng *publishing company* na si "Koa", ay naglalayong ipalaganap ang halaga ng pagbabasa sa komunidad ng CARD MRI sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga positibong kwento at impormasyong makatutulong sa pagpapalawak ng kaalaman ng komunidad. P2

KWENTONG TAGUMPAY

## PUSO SA BAWAT HAMON

*ni Mary Rose Javier*



*Dahil sa pagmamahal at hilig ni Sonia Torino sa pagnenegosyo, naging determindo at matatag siya sa pagharap sa mga hamon ng buhay.*

"Kapag mahal mo ang ginagawa mo, siguradong malalampasan mo ang anomang hamon na iyong haharapin," ani Sonia Torino.

Ang pagharap sa mga hamon at pagkabigo ay hindi na bago para kay Sonia, isang may-ari ng P2

# KAUNLARAN CARAVAN NG CARD MRI, ISINAGAWA SA DAVAO DEL NORTE

*ni Harlene Joy Reyes*



*May 44 na mga indibidwal ang dumalo sa livelihood training at 43 mga bata ang nakilahok sa financial literacy storytelling sa naganap na Kaunlaran Caravan sa Kapalong, Davao del Norte.*

Isinagawa ng CARD MRI, sa pangunguna ng CARD SME Bank, Inc., ang ikatlong Kaunlaran Caravan sa Kapalong, Davao del Norte noong Mayo 16, 2024. Layunin ng programa na maghatid ng serbisyong pangkaunlaran sa mga miyembro ng lokal na komunidad.

Ang nasabing programa ay naghatid ng libreng serbisyong medikal, *dental*, *optical*, at diskwento sa mga gamot ng BotiCARD sa mga kliyente ng CARD MRI at lokal na komunidad. Bukod dito, nagkaroon din sila ng pagkakataong makilahok sa iba't ibang aktibidad gaya ng *livelihood training, haircut, manicure/ pedicure, wellness massage*, at *financial literacy storytelling* para sa mga bata.

"Bukod sa mga serbisyong hatid ng Kaunlaran Caravan, dala rin nito ang pag-asa at pagkakaisa. Ipinapakita nito na sa pagtutulungan, ang bawat isa ay may pagkakataong makamit ang mga oportunidad para sa sama-samang pag-unlad. Sa ganitong paraan, sama-sama tayong aangat at walang maiiwan sa kahirapan," ani CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito.

Sa kabuoan, 702 mga indibidwal ang natulungan sa Kaunlaran Caravan na ginanap sa Purok 1B, Kumintang, Maniki, Poblacion, Kapalong, Davao del Norte. Ang pakikilahok ng mga ito ay isang patunay ng matibay na suporta at pagtutulungan ng komunidad para sa pag-unlad ng bawat isa.

Ang CARD SME Bank, Inc. ay isang *thrift bank* sa ilalim ng CARD MRI na nag-aalok ng iba't ibang serbisyo sa bangko para sa lahat, kliyente man o hindi.

Inaasahang magaganap ang susunod na Kaunlaran Caravan ng CARD MRI sa Basey, Samar ngayong Hunyo 2024.

## KOA-PINYON:

Ang pagbasa ay isa sa mga kasanayang ating ginagamit at nakatutulong sa pang-araw-araw. Pagbabasa rin ang paraan upang mas maunawaan natin ang bagay sa mundong ating ginagalawan. Kaya't halina't magbasa!



## PAGTATAGUYOD NG PAGBABASA ... P1

Aktibong nakilahok ang 30 mga bata sa *storytelling activity* na inihanda ng Koa Squad para sa mga anak ng miyembro ng CARD MRI sa Claveria 2 Unit at Sanchez Mira Unit ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO). Tampok sa aktibidad na ito ang "Ang Lapis ni Anya" *storybook* na naglalaman ng aral tungkol sa wastong paggamit ng mga *gadget* para sa mga kabataan.

Dahil sa kanilang pakikibahagi, nakatanggap ang mga bata ng *Koa Kit* na naglalaman ng *notebook*, krayola, lapis, pambura, "Ang Lapis ni Anya" *storybook*, at *Koa Coin Bank*. Ang *Koa Coin Bank* ay likha at kinulayan ng mga kawani ng CARD MRI sa pamamagitan ng pagtataka gamit ang mga lumang dyaryo. Layunin nitong ibahagi sa komunidad ng CARD MRI ang kahalagahan ng pag-iimpok, kasabay ng pagsuporta sa *Sustainable Development Goals* ng *United Nations*.

"Sa patuloy na pagpapalalim ng mga inisyatiba ng CARD MRI, patuloy na lumalawak ang mga oportunidad para sa bawat komunidad, kabataan man o matanda," ani CARD MRI Publishing House President Marilyn M. Manila. "Sa pamamagitan ng *Koa Kafe*, hindi lamang ang kahalagahan ng pagbabasa ang ating ibinabahagi, kundi pati na rin ang kahalagahan ng pag-iimpok."

Dagdag pa niya, "Ang pagkakaisa at pagmamalasakit sa isa't isa sa CARD MRI ay hindi kayang hadlangan ng layo dahil saanman tayo naroroon, patuloy nating hinahanapan ng paraan upang maabot at tulungan ang bawat isa, sa lahat ng tamang paraan at abot ng ating makakaya."

Samantala, ang *Koa Kafe* sa CARD, Inc. Claveria ay dinaluhan ng mga kliyente na masiglang nakilahok sa mga aktibidad at palaro na inihanda ng CARD Publishing habang nagsasaya sa libreng kape, *calamansi juice*, at *Indomie noodles* mula sa Mga Likha ni Inay. Nakatanggap din sila ng librong History of San Pablo: Reviewed, Rewritten, and Retold at Sulong *newspaper*, mga publikasyon ng CARD Publishing.

"Mahalaga pa rin na mapanumbalik at mapanatili ang kahalagahan ng pagbabasa para sa mga nanay sapagkat ito ang magdudulot nang walang katapusang kaalaman at aral na kanilang maibabahagi sa susunod na henerasyon," ani Manila.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CARD MRI Publishing House at ang susunod na pag-ikot ng Koa Kafe, bisitahin ang opisyal na Facebook page ng CARD Publishing sa @PublishingHouseInc.

# KWENTONG TAGUMPAY

## PUSO SA BAWAT ... P1

sari-sari *store* mula sa Dasmariñas, Cavite. Gayunpaman, naging katuwang niya ang CARD SME Bank sa patuloy na pagbangon.

Mula sa Batangas City, bata pa lamang ay nais na ni Sonia na magbenta ng iba't ibang produkto kaya't nang matapos niya ang *high school*, nagpasya siyang lumipat sa kanyang kapatid sa Cavite upang paunlarin ang kanyang husay sa pagbebenta. Dito rin niya nakilala ang kanyang kasintahan na may parehong hilig at interes.

Taong 1999 nang simulan ng magkasintahang itayo ang sarili nilang sari-sari *store* gamit ang PHP10,000 kanilang naipon.

Hindi naging madali para sa dalawa na paunlarin ang kanilang negosyo. Dahil kaunti at limitado pa ang produkto na kanilang ibinebenta, nahirapan silang tugunan ang lahat ng pangangailangan ng mga mamimili, kaya't may mga araw na ang kanilang kita ay maliit lamang, at sa ibang pagkakataon, wala pa.

"Kahit maliit ang kita namin noon, ibinigay ko pa rin ang buong atensyon at puso ko sa aming negosyo at hindi kailanman naisipang sumuko dahil alam kong ito ang aking hilig at gustong gawin sa buhay," ani Sonia.

Sa kabila ng mga hamon, patuloy na itinaguyod ni Sonia ang kanilang negosyo ng may positibong pananaw sa pag-unlad nito. Bilang pagsuporta rito, sumali siya sa CARD SME Bank, Inc., isang *thrift bank* sa ilalim ng CARD MRI, na naglalayong suportahan at tulungan ang mga nagnenegosyo, maliit man o malaki.

"Nalaman ko ang CARD SME Bank mula sa aking mga kaibigan," ani Sonia. "Sa simula, nag-aalinlangan akong sumali dahil sa mga lingguhang *center meeting* nito at ayokong iwan ang aking mga anak, ngunit nang magkaroon uli ng pagkakataon, kaagad akong sumali bilang kliyente."

Sa loob ng 15 taong pagiging kliyente ng CARD SME Bank, ang lahat ng kanyang naging *loan* ay inilaan niya sa kanilang sari-sari *store* hanggang sa ito ay lumago. Sa katunayan, kahit ang pandemyang COVID-19 ay hindi naging hadlang sa kanilang matagumpay na pagbebenta dahil nagtuon sila sa pagbebenta ng mga gulay.

Muling sinubok ng hamon si Sonia nang magkasakit ang kanyang anak. Dahil sa mga gastusin sa medisina, halos maubos ang kanilang mga ipon at *investment*. Upang makabangon at mapaunlad ang kanilang negosyo, nagpursige siya kaakibat ng kanyang determinasyon at tulong mula sa CARD SME Bank.

"Nagpapasalamat talaga ako sa serbisyo ng CARD SME Bank. Hindi lang sila nag-aalok ng *loans* kundi hinihikayat din nila kaming mga kliyente na mag-ipon kasabay ng aming mga pagbabayad. Dahil dito, mas responsable at wais na kami sa pamamahala ng aming mga pinansyal," aniya.

Mula sa maliit na sari-sari *store*, unti-unti itong lumago hanggang sa makapag-alok na sila ng maraming produkto para sa mga mamimili. Dahil dito, napagpaaral ni Sonia ang kanilang tatlong anak at nakapagpatayo ng bahay para sa kanilang pamilya.

Sa kasalukuyan, ang sari-sari *store* ni Sonia ay patuloy sa pag-unlad. Nais rin ni Sonia at ng kanyang asawa na gawing *grocery store* ang kanilang negosyo sa mga susunod na taon.

"Ilaan mo ang iyong puso at sarili sa iyong negosyo o sa anomang bagay na gusto mong gawin. May mga pagkakataong tayo ay mabibigo, ngunit ang mahalaga ay kung paano tayo babangon para magpatuloy," payo ni Sonia sa mga gustong maging isang negosyante.



*Kaakibat ng kanyang pagmamahal, dedikasyon, at suporta mula sa CARD RBI, ipinagpatuloy ni Sarah Jane ang iniwang negosyo sa kanilang pamilya ng kanyang lola, bilang gumagawa ng shing-a-ling sa loob ng maraming taon.*

## PAMANANG TAGUMPAY

*ni Josephine Ramos*

Mula sa Pagsanjan, Laguna, ipinagpatuloy ni Sarah Jane Idang ang negosyong sinimulan ng kanyang lola mula pa noong 1970. Ang kanilang pamilya ay nakatuon sa produksyon ng *shing-a-ling*, isang kilalang meryendang Pinoy na gawa sa pritong mike, na karaniwang mabibili sa mga tindahan, palengke, at pasalubong *center* sa Pilipinas.

Tinanggap na ni Sarah Jane ang responsibilidad sa pagpapatakbo ng negosyo nang mawala ang kanyang ina. "Nagmana din ang aking ina ng negosyo mula sa aking lola," aniya. "Noong lumalaki ako, nakita ko kung paano lumago ang negosyo, kaya't alam ko na gusto kong maging bahagi nito. Nais ko ring maipasa sa mga susunod na henerasyon ng aming pamilya ang pamana mula sa aming lola."

Lubos na ikinatuwa ni Sarah Jane ang pagpapatakbo ng negosyo. Samantala, noong 2016, nabigyan siya ng pagkakataong magtrabaho sa Malacañang. Walang pag-aalinlangan niyang kinuha ang espesyal na oportunidad at iniwan ang negosyo sa pangangalaga ng kanyang mga kapatid. Sa katunayan, nagkaroon siya ng trabahong malapit sa dating pangulo na itinuturing niyang tagumpay.

Subalit noong 2019, nagpasya siyang bumalik sa kanyang pinagmulan upang ipagpatuloy ang pamamahala sa negosyo ng kanilang pamilya at para magawa rin ng kanyang mga kapatid ang iba pa nilang mga tungkulin. Bukod pa rito, determinado siyang itaguyod ang pamana ng kanyang lola.

Ayon sa kanya, malaking tulong sa kanilang negosyo ang kanilang tiyahin na siyang tumutulong upang matiyak na maayos ang paghahatid at pagpapalawak ng kanilang transaksyon sa mga lungsod sa probinsya ng Laguna at Quezon. Dahil sa kanilang negosyo, natustusan ni Sarah Jane ang pag-aaral ng kanyang bunsong kapatid.

Ang CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI), isang *microfinance-oriented rural bank* sa ilalim ng CARD MRI, ay patuloy na tumutulong kay Sarah Jane sa pagpapalago at pagpapatakbo ng kanilang negosyo. Ginagamit niya ang mga *loan* mula sa bangko para sa mga materyales na kailangan sa araw-araw nilang produksyon.

Dahil sa dedikasyon at pagmamahal ni Sarah Jane sa kanilang negosyo, at sa suporta mula sa CARD RBI, tiwala siyang maipagpapatuloy niya ang negosyong iniwan ng kanyang minamahal na lola.

# BUKAS para sa LAHAT

## BOTICARD, BINUKSAN ANG BAGONG SANGAY SA SAN PABLO CITY, LAGUNA



Inilunsad ng BotiCARD ang bagong sangay nito sa San Jose, San Pablo City, Laguna noong Mayo 8, 2024. Layunin nitong maabot ang mas maraming komunidad at maghatid ng dekalidad na mga produkto at serbisyong pangkalusugan.

Bilang bahagi ng pagdiriwang, nag-alok ang BotiCARD ng 28% diskwento sa piling bitamina at gamot, libreng *medical consultation, dental extraction, BP monitoring,* at iba pang *freebies* para sa lahat.

Ito na ang ika-19 na sangay ng BotiCARD. Ito ay matatagpuan sa Purok 2, Brgy. San Jose, San Pablo City, Laguna.

## BAGONG SANGAY NG CARD MBA, BINUKSAN SA LUCBAN, QUEZON



Binuksan ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) ang ika-93 *Provincial Office* nito upang magbigay ng seguro sa mas maraming miyembro ng komunidad sa Lucban, Quezon noong Mayo 6, 2024.

Bilang isang Asosasyon sa ilalim ng CARD MRI, ang CARD MBA ay tumutulong sa mga miyembro nito sa pamamagitan ng tulong pinansyal gaya ng *death benefits, medical subsidy, pension,* at *loan redemption package*. Noong Marso 2024, umabot sa 24,399,767 ang bilang ng nakasegurong mga indibidwal sa CARD MBA.

Ang bagong opisina nito ay matatagpuan sa A. Bonifacio St., Cor. J. Rizal Ave., Barangay Poblacion 2, Lucban, Quezon (Quezon 5 P.O) at maglilingkod sa komunidad at miyembro mula sa CARD, Inc. (A Microfinance NGO) at CARD Bank, Inc.

## CARD INDOGROSIR STORE, NAGBUKAS NG MGA BAGONG SANGAY SA LAGUNA AT QUEZON




Upang maghatid ng dekalidad at abot-kayang presyo ng mga produkto sa sari-sari *store owners*, muling nagbukas ng dalawang sangay ang CARD Indogrosir sa Nagcarlan, Laguna at Dolores, Quezon noong Mayo 15 at 17, 2024, ayon sa pagkakabanggit.

Layunin ng CARD Indogrosir, isang *joint venture* ng CARD MRI at Salim Group, na makapagbigay ng kakayahan sa mga sari-sari *store* na makipagsabayan sa mga malalaking negosyante sa industriya sa pamamagitan ng pagbibigay ng akses sa mga murang paninda at mga imbentaryo.

Matatagpuan ang mga bagong sangay nito sa C. Lirio St., Brgy. 2, Nagcarlan, Laguna at Brgy. Bagong Anyo, Dolores, Quezon.

## CARD MRI, INILUNSAD ANG KAUNA-UNAHANG DURUNGAWAN PARA SA SOCIAL MEDIA CONTENT CREATORS

ni Edrian Banania




*Dumalo ang 10 social media content creators sa Durungawan kung saan nagbahagi sila ng mga bagong ideya at karanasan sa content creation.*

Inilunsad ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ang kauna-unahang Durungawan, isang pagtitipon para sa mga *social media content creators* sa San Pablo City, Laguna noong Mayo 11, 2024.

Ang programa ay nagtataguyod ng mga makabago at malikhaing ideya para sa mga *social media content creator*. Bahagi rin ng Durungawan ang pagpapakilala sa misyon at mga inisyatiba ng CARD MRI bilang isang *social development organization* na tumutulong sa mga mahihirap na komunidad. Ito ay naglalayong bigyan ang mga *social media content creator* nang makabuluhang kwento at balita na maibabahagi sa mas malawak na madla at tulungan sila sa pag-unlad.

Nagkaroon ang mga *content creator* ng pagkakataong mabisita ang iba't ibang institusyon sa ilalim ng CARD MRI, kabilang ang CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) Bay Campus, isang *learning institute*; BotiCARD, isang parmasya; at Mga Likha ni Inay, isang *retail chain store*, kung saan kanilang nakita ang ibinibigay na benepisyo ng CARD MRI sa mga kliyente at komunidad nito.

Tampok rin sa programa ang Kasadya *dining experience* na pinangunahan ng Hijos Tours. Sa pamamagitan nito, nagkaroon ang mga kalahok ng *fine dining* at natikman ang iba't ibang lutuin na mayaman sa sustansya, kasaysayan, at kultura.

Isang mahalagang bahagi ng programa ang *lecture* ni Mary Jane Valdellon, kilala *online* bilang Titser Jeyn. Tinalakay niya ang kahalagahan ng paggawa ng makabuluhang *social media content* na nagpapalawak ng kaalaman ng mga tao. Ibinahagi rin niya ang kanyang mga karanasan sa industriya upang magbigay inspirasyon, lalo na sa mga baguhan.

Aktibo ring sumali ang mga kalahok sa mga aktibidad gaya ng *"Use Your Emojination," "Flashtalk,"* at isang *"Heart-to-Heart"* na usapan sa kapanapanabik na "TALKSHII," kasama si Mr. John Paul Molon, na kilala rin bilang "Paulshie", ang *host* ng *event*.

Samantala, binigyang-diin naman ni CARD MRI Publishing House President Marilyn Manila ang kahalagahan ng responsableng paggamit ng *social media*. Ayon sa kanya, ang tamang impormasyon at makabuluhang nilalaman ay mabisang sandata laban sa maling impormasyon at magbibigay inspirasyon sa marami. Sa pamamagitan nito, maaari nating gabayan ang publiko patungo sa pag-unlad at kaalaman.

Dagdag pa niya, "Ang pagbabahagi ng wastong impormasyon ay hindi lamang nagtatama ng mga maling akala kundi nagiging daan din upang mas mapalawak ang pang-unawa at edukasyon ng komunidad."

Ang Durungawan ay pinangunahan ng CARD MRI Publishing House, isang sangay ng CARD MRI na naglalayong magbigay inspirasyon at edukasyon sa mga komunidad sa pamamagitan ng mga kwento at publikasyon.

Nakatakdang isagawa ng CARD MRI ang dalawa pang Durungawan ngayong taon.

## CARD MRI, NAGSAGAWA NG BLOODLETTING ACTIVITY SA SAN PABLO

ni Harlene Joy Reyes



*Nakibahagi ang mga kawani ng CARD MRI at ang pangkalahatang publiko sa ginanap na bloodletting activity ng CARD MRI sa San Pablo City, Laguna.*


Ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ay nagsagawa ng ikatlong *bloodletting activity* nito, kasama ang Microfinance and Health Protection (MaHP) Program unit, CARD Bank, Inc., at Red Cross San Pablo Chapter sa San Pablo City, Laguna noong Mayo 17, 2024.

Layunin ng aktibidad na ito na suportahan ang mga nangangailangan ng dugo at magbigay ng pagkakataon sa mga kawani at publiko na makiisa at magbahagi sa isang mahalagang adhikain para sa kalusugan at kapakanan ng buong komunidad.

Nakalikom ang aktibidad ng 63 bag ng dugo mula sa *blood donors* na kinabibilangan ng mga kawani ng CARD MRI at ng pangkalahatang publiko. Ito ay naganap sa sa CARD MRI M. Paulino Building, Basement 1 No. 35 P. Burgos St., Corner M. Paulino St., San Pablo City, Laguna.

Asahan ang mga susunod pang *bloodletting activity* ng CARD MRI ngayong taon.

SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD
Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers
Cyrene Grace DC. Lubigan
Editor-in-Chief
Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor
Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists
Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Mary Rose A. Javier
Writers




# KWENTUNAY

*Mga Kwentong Tunay mula kay Nanay*



## HALINA'T SAMAHAN SI TITA JUVELYN SA PAGGAWA NG MASARAP AT MALUTONG NA CHICHARON!

Mula sa pagiging *reseller* ng chicharon, si Juvelyn Laguesma mula sa Butuan City, Agusan del Norte, ay nagsimulang magtayo ng sariling negosyo ng paggawa ng chicharon nang huminto sa paggawa ang kanyang suplayer. Bagama't may kakulangan sa kaalaman sa larangan, hindi sumuko si Juvelyn kasama ang kanyang asawang si Julius Laguesma, parehong kliyente ng CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI) sa pagsubok na makabuo ng mahusay na *recipe* ng chicharon gaya ng *elbow macaroni pasta* chicharon. Ngayon, mayroon na silang 50 *resellers* at gumagawa ng 5,000 pakete ng chicharon kada linggo kasama ang tulong ng kanilang apat na empleyado.

Mula kay tita Juvelyn, narito ang gabay sa paggawa ng chicharon:

**Sangkap at materyales na kailangan:**
- 10 litro ng tubig
- 1 kutsaritang asin
- 2 kutsarang mantika
- 1 kg *macaroni pasta*
- Kaldero
- Salaan
- Sandok
- Kawali
- Tissue

**Proseso ng paggawa:**
1. Magpakulo ng 10 litro ng tubig sa kaldero.
2. Ilagay ang isang kutsaritang asin sa tubig bilang pampalasa at dalawang kutsarang mantika upang hindi magdikit-dikit ang *macaroni pasta*.
3. Kapag kumukulo na ang tubig, maaari ng ilagay ang *macaroni pasta*.
4. Pakuluin at haluing mabuti ang *macaroni pasta* sa loob ng walong minuto o hanggang sa maluto ito. Siguraduhing hindi ito madudurog o masosobrahan sa pagkakaluto.
5. Kapag luto na ang *macaroni pasta*, hanguin ito gamit ang salaan at husagan gamit ang malinis na tubig.
6. Hayaan itong lumamig. Siguraduhing malamig at tuyo ang *macaroni pasta* bago ito iprito.
7. Magpakulo nang sapat na mantika sa kawali.
8. Kapag mainit na ang mantika, ilagay ang *macaroni pasta* hanggang ito ay maging *golden brown* at malutong. Matapos nito, ito'y magiging isang uri na ng chicharon.
9. Kapag luto na ang chicharon, alisin ito sa kawali at patuyuin sa tisyu para matanggal ang sobrang mantika at maging malutong ang chicharon.
10. Kapag tuyo na ang chicharon, maaari itong lagyan ng asin, paminta, o iba pang pampalasa ayon sa iyong panlasa.
11. Ilipat ang chicharon sa isang malinis na lalagyan o lutuan. Maaari mo itong lagyan ng takip o tali para mapanatili ang lutong nito.
12. Ihanda at i-enjoy ang chicharon!

Tara na at tikman ang chicharon kasama ng iyong paboritong sawsawan! Sa bawat kagat, siguradong mapapasayaw ka sa lutong at sarap!


# CROSSWORD PUZZLE

Subukan mo na ang iyong kaalaman mula sa iyong mga nabasang kwento at impormasyon mula sa Sulong 11 bilang 6 at manalo ng **PHP 100.00** load via konek2CARD!

Upang manalo, sundin lamang ang mga patnubay na ito:
1. Siguraduhing nabasa nang mabuti ang nilalaman ng isyung ito bago magsimulang sagutan ang crossword puzzle na ito.
2. Basahin sa ibaba ang mga pangungusap na naglalarawan sa mga salitang iyong ilalagay sa mga kahon ng Crossword Puzzle.
3. Kuhanan ng litrato ang iyong nabuong Crossword Puzzle at ipadala sa Facebook page ng CARD MRI Publishing House sa **@PublishingHouseInc,** kasama ng inyong buong pangalan, pangalan ng CARD center, institusyon, at cellphone number.

Pipili tayo via e-raffle ng sampung (10) entries na may tamang sagot hanggang **July 31, 2024** at sila ang makakatanggap ng papremyo.

Sali na!




**Pababa:**
1. Ito ay isang programang inilunsad ng CARD MRI Publishing House para sa pagtitipon ng mga social media influencer.
3. Inilunsad ng _________ ang bagong sangay nito sa San Jose, San Pablo City, Laguna noong Mayo 8, 2024.
4. Ito ay isang masarap at malutong na pagkain at negosyong pinasok ni Juvelyn Laguesma at ng kanyang asawang si Julius Laguesma.
5. Ito ay isang kilalang meryendang Pinoy na gawa sa pritong mike, na karaniwang mabibili sa mga tindahan, palengke, at pasalubong center sa Pilipinas. Ito rin ay negosyong ipinagpatuloy ni Sarah Jane Idang.
7. Bilang isang Asosasyon sa ilalim ng CARD MRI, ang ______ ay tumutulong sa mga miyembro nito sa pamamagitan ng tulong pinansyal gaya ng death benefits, medical subsidy, pension at loans redemption package.

**Pahalang:**
2. Ang pagharap sa mga hamon at pagkabigo ay hindi na bago para kay Sonia Torino, isang may-ari ng _______ store mula sa Dasmariñas, Cavite. Gayunpaman, naging katuwang niya ang CARD SME Bank sa patuloy na pagbangon.
6. Ano ang pangalan ng mascot ng CARD MRI Publishing Inc., kung saan nagmula ang Koa Kafe na naglalayong ipalaganap ang halaga ng pagbabasa sa komunidad ng CARD MRI.
8. Ito ay isang programa ng CARD MRI na ginanap sa Kapalong, Davao del Norte noong Mayo 16, 2024 at naglalayong maghatid ng serbisyong pangkaunlaran sa mga miyembro ng komunidad.
9. Ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ay nagsagawa ng ikatlong _______ Activity, kasama ang Microfinance and Health Protection (MaHP) Program unit, CARD Bank, Inc., at Red Cross San Pablo Chapter sa San Pablo City, Laguna noong Mayo 17, 2024.
10. Ang bagong sangay ng CARD Indogrosir Store ay nagbukas sa mga lalawigan ng Laguna at _______.

# SULONG COMICS

